



24 Disyembre 2018

PASKO – Misa sa Hatinggabi

Taon K

Ang Isinilang Upang Mamatay

*S*pinagdiriwang natin ngayong gabi ang Pasko ng Pagsilang ng Panginoong Hesukristo. Nag-simula ang misang ito sa pagdiriwang ng Santo Papa sa Hatinggabi ng Pagsilang ni Hesus sa Basilica ng Santa Maria Mayor sa Roma. Dito sa Pilipinas ang misang ito ay

sinusundan natin ng pagsasalo ng mag-anak ng Noche Buena. Totoo ngang umiikot sa pagkain ang pagdiriwang ng Pasko dahil si Hesus ay ibinigay sa atin ng Ama upang maging pagkaing pagsasaluhan ng mga anak ng Diyos. Maging tunay na makabuluhan sana ang ating pagdiriwang ng Pasko.



PASIMULA



Pambungad

(Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)

Tayo'y magdiwang na lahat! Sumilang ang Diyos Anak! Pagkasundong matapat buhat sa langit suminag, sa daigdig nagliwanag.

Pagbati

P–Ang pagpapala ng ating Panginoong Hesukristong isinilang sa Betlehem, ang pag-ibig ng Diyos Amang nagsugo sa Anak, at ang pakikipagkaisa ng Espiritu Santong nagdulot ng saya ay sumainyong lahat!

B– At sumaiyo rin!

Pagsisisi

P–Paghandaan natin ang pag-

diriwang na ito ng pagsilang ng Panginoong Hesukristo. Humingi tayo ng tawad para sa ating mga pagkukulang at nagawang pagkasala. (*Manahimik sandali.*)

P–Para sa aming kawalan ng pananampalataya sa iyong dakilang balak para sa aming kaligtasan, Panginoon, kaawaan mo kami.

B–Panginoon, kaawaan mo kami!

P–Para sa aming kakulangan ng pag-asa sa biyayang-kaligtasang dulot ng iyong pagsilang, Kristo, kaawaan mo kami.

B–Kristo, kaawaan mo kami!

P–Para sa aming katabangan ng pag-ibig sa iyo at sa lahat ng taong may mabuting kalooban, Panginoon, kaawaan mo kami.

B–Panginoon, kaawaan mo kami!

P–Kaawaan tayo ng makapangyarihang Diyos, patawarin tayo

sa ating mga sala, at patnubayan tayo sa buhay na walang hanggan.

B– Amen!

Papuri

B–Papuri sa Diyos sa kaitaasan at sa lupa'y kapayapaan sa mga taong kinalulugdan niya. Pinupuri ka namin, dinarangal ka namin, sinasamba ka namin, ipinagbubunyi ka namin, pinasalamatan ka namin dahil sa dakila mong angking kapurihan. Panginoong Diyos, Hari ng langit, Diyos Amang makapangyarihan sa lahat.

Panginoong Hesukristo, Bugtong na Anak, Panginoong Diyos, Kordero ng Diyos, Anak ng Ama. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, maawa ka sa amin. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, tanggapin mo ang aming kahilingan.

Ikaw na naluluklok sa kanan ng Ama, maawa ka sa amin. Sapagkat ikaw lamang ang banal, ikaw lamang ang Panginoon, ikaw lamang, O Hesukristo, ang Kataas-taasan, kasama ng Espiritu Santo sa kadakilaan ng Diyos Ama. Amen!

Panalanging Pambungad

P–Ama naming makapangyarihan, pinasikat mo sa gabing ito ang sinag ng iyong liwanag na totoo. Pasikatin mo sa amin ang iyong liwanag sa kalangitan na ngayo’y aming pinatutuloy sa aming pamumuhay sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan. **B**–Amen!

PAGPAPAHAYAG NG SALITA NG DIYOS



Unang Pagbasa *Isa 9:1-6*

Ang ating sipi mula kay Propeta Isaias ay naglalalahad ng pagluluklok sa trono ng Haring galing sa lahi ni David. Ang Haring ito ay magdadala ng kapayapaang tulad ng kapayapaang naghahari noon sa Paraiso. Maghari nawa sa ating piling ang kapayapaang dala ni Hesus.

L–Pagpapahayag mula sa Aklat ni Propeta Isaias

Nakatanaw ng isang malaking liwanag ang bayang malaon nang nasa kadiliman, namanaag na ang liwanag sa mga taong namumuhay sa lupaing balot ng dilim. Iyong pinasigla ang kanilang pagdiriwang, dinagdagan mo ang kanilang tuwa. Tulad ng mga tao sa panahon ng anihan, tulad ng mga taong naghati ng nasamsam na kayamanan. Nilupig mo ang bansang umalipin sa iyong bayan. Tulad ng pagkalupig sa hukbo ng Madian. Binali mo ang panghambalos ng mga tagapagpahirap sa kanila.

Sapagkat ang panyapak ng mga mandirigma, ang lahat ng kasuutang tigmak sa dugo ay susunugin. Sapagkat ipinanganak para sa atin ang isang sanggol na lalaki. Ibinigay ang isang anak sa atin. At siya ang mamamahala sa atin. Siya ang Kahanga-hangang Tagapayo, ang Makapangyarihang Diyos, Walang hanggang Ama, ang Prinsipe ng Kapayapaan.

Malawak na kapangyarihan at

walang hanggang kapayapaan ang ipagkakaloob sa trono ni David at sa kanyang paghahari. Upang matatag ito at papanatilihin sa katarungan at katwiran ngayon at magpakailanman. Isasagawa ito ng Makapangyarihang Panginoon.

Ang Salita ng Diyos!

B–Salamat sa Diyos!

Salmong Tugunan *Awit 95*

B–*Sa atin ay sumilang ngayon ang Manunubos, Kristong Poon!*

R. M. Velez



* Purihin ang Panginoon, awitan ng bagong awit; ang Poon ay papurihan nitong lahat sa daigdig! **B**.

* Awitan ang Panginoon, ngalan niya ay purihin; araw-araw ang ginawang pagliligtas ay banggitin. Kahit saa'y ipahayag na ang Poon ay dakila, sa madla ay ipahayag ang dakila niyang gawa. **B**.

* Lupa't langit ay magsaya, umugong ang kalaliman, lahat kayo na nilikhang nasa tubig ay magdiwang. Ang bukirin at ang lahat ng naroon ay sumigaw, pati mga punongkahoy sa galak ay mag-awitan. **B**.

* Ang Poon ay pupurihin, pagka't siya ay daratal, paririto sa daigdig, upang lahat ay hatulan. Tapat siya kung humatol at lahat ay pantay-pantay. **B**.

Ikalawang Pagbasa *Tito 2:11-14*

Ang payo ni Pablo kay Tito ay kilalaning mabuti ang mga taga-Creta upang mapangalagaan niya ang mga ito nang ayos. Nanganahulugan ito ng pagtulong sa kanilang talikdan ang kanilang mga kasamaan at kapintasan. Ang pagsilang ni Kristo ay makatulong nawa sa atin upang talikdan ang ating mga kamalian.

L–Pagpapahayag mula sa Sulat ni Apostol San Pablo kay Tito

Pinakamamahal kong kapatid: Inihayag ng Diyos ang kanyang kagandahang-loob na nagdudulot

ng kaligtasan sa lahat ng tao. Ito ang siyang umaakay sa atin upang talikdan ang likong pamumuhay at damdaming makalaman. Kaya't makapamumuhay tayo ngayon nang maayos, matuwid at karapat-dapat sa Diyos samantalang hinihintay natin ang ating inaasahan – ang dakilang Araw ng paghahayag sa ating dakilang Diyos at Tagapagligtas na si Hesukristo sa gitna ng kanyang kaningningan. Ibinigay niya ang kanyang sarili upang iligtas tayo sa lahat ng kalikuan at linisin para maging kanyang bayan na nakatalagang gumawa ng mabuti.

Ang Salita ng Diyos!

B–Salamat sa Diyos!

Aleluya *Lu 2:10-11*

B–Aleluya! Aleluya!

Ito'y Balitang masaya. Manunubos sumilang na sa ati'y Kristo, Poon s'ya. Aleluya! Aleluya!

Mabuting Balita *Lu 2:1-14*

Mahalagang si Hesus ay isilang sa Betlehem, ang “bayan ni David” (Lucas 2:11). Siya ang magmamay-ari ng trono ni Haring David. Ngunit ang kahulugan din ng Betlehem ay bahay ng tinapay. Si Hesus ay isinilang upang maging pagkain ng sanlibutan. Siya rin ay “nakahiga sa sabsaban” (Lucas 2:12), ang kinakainan ng mga hayop. Si Hesus ay pagsasaluhan ng mga anak ng Diyos.

P–Ang Mabuting Balita ng Panginoon ayon kay San Lucas
B–Papuri sa iyo, Panginoon!

Noong panahong iyon, iniutos ng Emperador Augusto na magpatala ang lahat ng nasasakupan ng Imperyo ng Roma. Ang unang pagpapatalang ito'y ginawa nang si Cirenio ang gobernador ng Siria. Kaya't umuwi ang bawat isa sa sariling bayan upang magpatala.

Mula sa Nazaret, Galilea, si Jose'y pumunta sa Betlehem, Judea, ang bayang sinilangan ni Haring David, sapagkat siya'y mula sa angkan at lahi ni David. Kasama niyang umuwi upang magpatala rin si Maria na kanyang magiging asawa na noo'y kagampan. Samantalang naroroon sila, dumating ang oras ng panganganak ni Maria at isinilang niya ang kanyang panganay at ito'y lalaki. Binalot niya ng lampin ang sanggol at inihiga sa isang sabsaban, sapagkat wala nang lugar para sa kanila sa bahay-panuluyan.

Sa lupain ding yaon ay may mga pastol na nasa parang, nagpupuyat sa pagbabantay ng kanilang mga tupa. Biglang lumitaw sa harapan nila ang isang anghel ng Panginoon at lumaganap sa paligid nila ang nakasisilaw na kaningningan ng Panginoon. Natakot sila nang gayon na lamang, ngunit sinabi sa kanila ng anghel, "Huwag kayong matakot! Ako'y may dalang mabuting balita para sa inyo na magdudulot ng malaking kagalakan sa lahat ng tao. Sapagkat isinilang ngayon sa bayan ni David ang inyong Tagapagligtas, ang Kristong Panginoon. Ito ang palatandaan: matatagpuan ninyo ang isang sanggol na nababalot ng lampin at nakahiga sa sabsaban." Biglang lumitaw sa tabi ng anghel ang isang malaking hukbo ng kalangitan, na nagpupuri sa Diyos: "Papuri sa Diyos sa kaitaasan, at sa lupa'y kapayapaan sa mga taong kinalulugdan niya!"

Ang Mabuting Balita ng Panginoon!

B – Pinupuri ka namin, Panginoong Hesukristo!

Homiliya

Sumasampalataya

B– Sumasampalataya ako sa Diyos Amang makapangyarihan sa lahat, na may gawa ng langit at lupa.

Sumasampalataya ako kay Hesukristo, iisang Anak ng Diyos, Panginoon nating lahat. Nagkatawang-tao siya (*Lumuhod sandali.*) lalang ng Espiritu Santo, ipinanganak ni Santa Mariang Birhen. Pinagpakasakit ni Poncio Pilato, ipinako sa krus, namatay, inilibing. Nanaog sa kinaroroonan ng mga yumao. Nang may ikatlong araw nabuhay na mag-uli. Umakyat sa langit. Naluluklok sa kanan ng Diyos Amang makapangyarihan sa lahat. Doon magmumulang paririto at huhukom sa nangabubuhay at nangamatay na tao.

Sumasampalataya naman ako sa Diyos Espiritu Santo, sa banal na Simbahang Katolika, sa kasamahan ng mga banal, sa kapatawaran ng mga kasalanan, sa pagkabuhay na muli ng nangamatay na tao at sa buhay na walang hanggan. Amen!

Panalangin ng Bayan

P– Hangad nating maging makabuluhan ang Paskong ito para sa

atin, sa ating mga mahal sa buhay, at sa ating bayan. Idulog natin sa Diyos ang ating mga kahilingan at sambitin:

B–Amang nagsugo ng Anak para sa aming kaligtasan, dinggin Mo ang aming panalangin!

* Para sa mga namumuno sa Simbahan, upang sa Paskong ito ay matulungan nila ang Bayan ng Diyos na mahanap sa Bagong-Silang na Sanggol ang kanilang kaganapan, manalangin tayo sa Panginoon. **B.**

* Para sa lahat ng mga kabataan, upang sa taong ito ng mga kabataan ay mahanap nila sa Bagong-Silang na Sanggol ang lihim ng maaliwalas na hinaharap at makabuluhang buhay, manalangin tayo sa Panginoon. **B.**

* Para sa mga namumuno sa ating bansa, upang mabigyan nila ang mga taong-bayan ng matibay na pag-asa sa isang bukas na mapayapa at puno ng magandang pagkakataon dahil sa Bagong-Silang na Sanggol, manalangin tayo sa Panginoon. **B.**

* Para sa mga taong naghahangad na madala ang diwa ng Bagong-Silang na Sanggol sa buhay ng iba, upang magtagumpay at lumigaya sila sa kanilang ginagawa, manalangin tayo sa Panginoon. **B.**

* Para sa ating lahat na nagkakatipon sa Paskong ito, upang mahanap natin sa Bagong-Silang na Sanggol ang katuparan ng ating mga niluluggati at pinapangarap, manalangin tayo sa Panginoon. **B.**

* Tahimik nating ipanalangin ang ating mga sariling kahilingan. (*Tumahimik sandali.*) Manalangin tayo! **B.**

P–Ama naming puno ng karunungan at kabaitan, isinugo Mo sa amin ang Iyong Bugtong na Anak sa anyo ng isang mahinang Sanggol. Ipadala Mo sa amin ang Iyong Banal na Espiritu upang gabayan kami sa pagtahak sa landas ng pagbibigay ng sarili sa ikapapanuto ng iba, alinsunod sa halimbawa ni Hesukristong aming Panginoon.

B – Amen!

PAGDIRIWANG NG HULING HAPUNAN



P– Manalangin kayo . . .

B– Tanggapin nawa ng Panginoon itong paghahain sa iyong mga kamay sa kapurihan niya at karangalan, sa ating kapakinabangan at sa buong Sambayanan niyang banal.

Panalangin ukol sa mga Alay

P– Ama naming Lumikha, kalugdan mo ang paghahain ngayong Pasko ng Pagsilang. Sa pagpapalitang ito ng iyong kaloob at aming handog, ang Anak mong umako sa aming kaabahan ay siya nawang magparangal sa ami't magtampok bilang Tagapamagitan kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

B – Amen!

Prepasyo ng Pasko III

P–Ama naming makapangyarihan, tunay ngang marapat na ikaw ay aming pasalamat sa pamamagitan ni Hesukristo na aming Panginoon.

Sumilay sa amin ang pagkakataong makipagpalitang-handog sa iyo ngayon. Inako ng iyong maaasahang Anak ang pagkatao naming alangan at hamak. Kahit kamatayan namin ay kanyang natikman upang kami'y makasalo sa buhay na walang hanggan.

Kaya kaisa ng mga anghel na nagsisiawit ng papuri sa iyo nang walang humpay sa kalangitan, kami'y nagbubunyi sa iyong kadakilaan:

B – Santo, santo, santo . . .

Pagbubunyi

B–Aming ipinahahayag na namatay ang 'yong Anak, nabuhay bilang Mesiyas at magbabalik sa wakas para mahayag sa lahat.

PAKIKINABANG



B– Ama namin . . .

P– Hinihiling namin . . .

B– Sapagkat iyo ang kaharian at ang kapangyarihan at ang kapurihan magpakailanman! Amen!

Paanyaya sa Kapayapaan

Paghahati-hati sa Tinapay

B– Kordero ng Diyos . . .

Paanyaya sa Pakikinabang

P– Ito ang Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan. Mapalad ang mga inaanayahan sa piging ng kaharian.

B– Panginoon, hindi ako karapat-dapat na magpatuloy sa iyo ngunit sa isang salita mo lamang ay gagaling na ako.

Antipona ng Pakikinabang

(Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)

Naging tao ang Salita ng Diyos Amang Lumikha. Kaningningan n'yang dakila, nakita nating nabadha sa pamumuhay n'yang dukha.

Panalangin Pagkapakinabang

P– Ama naming mapagmahal, sa pagdiriwang namin ng maligayang Pasko, pagindapatin mong kami'y makasalo sa pamumuhay

ng Anak mong kalugud-lugod sa iyo bilang Tagapamagitan kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

B– Amen!



P– Sumainyo ang Panginoon.

B– At sumaiyo rin!

P– Magsiyuko kayo habang iginagawad ang pagbabasbas. (Tumahimik sandali.)

Nang naparito siya bilang tao, hinawi ng Anak ng Diyos ang kadiliman sa sanlibutan at pinuspos ang gabling banal na ito ng kanyang kaluwalhatian. Nawa pawiin ng Diyos ang kadiliman ng kasalanan at puspusin ng kabanalan ang inyong mga puso!

B– Amen!

P– Sinugo ng Diyos ang Kanyang mga anghel sa mga pastol upang ibalita ang masayang pagsilang ng ating Tagapagligtas. Nawa'y pagkalooban kayo ng kagalakan at gawin din kayong mga tagapagpalaganap ng kanyang Ebanghelyo!

B– Amen!

P– Nang ang Salita ay naging tao, ang mundo'y inilapit sa langit. Sumainyo nawa ang kanyang kapayapaan, at mabuting kalooban at pakikisama ng mga nasa langit!

B– Amen!

P– Pagpalain kayo ng makapangyarihang Diyos: Ama, Anak, at Espiritu Santo!

B– Amen!

P– Humayo kayo at ibahagi ang galak at kapayapaan ng Pasko!

B– Salamat sa Diyos!

ANG KAMATAYANG KAUGNAY NG Pagsilang

Walang taong nakatitig sa isang bagong-silang na sanggol ang nag-iisip na ito ay mamamatay. Ang nasa isip niya ay ang maganda at mahabang buhay na mapapasakaniya. Ngunit may nagkuwento na noon daw ay tinititigan ng Mahal na Birheng Maria ang kanyang Bagong-Silang na Anak. Palubog na noon ang araw at pumasok ang sinag ng araw sa yungib kung saan nakahiga sa sabsaban si Hesus. Subalit dahil sa isang puno sa labas ng yungib ay may aninong pumatong sa Sanggol – at ito ay ang anino ng krus. Kinilabutan daw si Maria sa kanyang namalas. Pumasok sa kanyang puso ang takot. Pumasok sa kanyang isip ang katotohanang isinilang niya ang kanyang Anak – ang Anak ng Diyos – para mamatay.

Si Hesus ay isinilang sa Betlehem, ang Bahay ng Tinapay. Pagkasilang sa kaniya ay inihiga siya sa sabsaban, ang kinakainan ng mga hayop. Siya ay ibinigay ng Diyos sa atin para maging ating pagkain. Lahat ng pagkain ay ihinahanda sa mahirap na paraan. Ang trigo ay ginigiling para maging harinang minamasa sa paggawa ng tinapay. Ang hayop na uulamin ay kinakatay muna bago lutuin. Para maging pagkain natin si Hesus ay kailangan muna siyang durugin at patayin. Kaya dapat munang mamatay si Hesus bago niya maibigay sa atin ang kanyang sarili bilang pagkain.

Dakila ang pagkaing ito sapagkat “*isinilang niya (Maria) ang kanyang panganay at ito'y lalaki*” (Lucas 2:7). Ang utos ni Moises ay ganito: “italaga ninyo sa kaniya (Diyos) ang lahat ng panganay na lalaki” (Exodo 13:12). Ang paggamit ng salitang panganay ay hindi nangangahulugang sinundan pa si Hesus ng ibang kapatid. Ito ay upang idiin ang kanyang karangalan bilang nakatalaga sa Diyos.

Mamahalin din ang pagkaing ito dahil “*binalot niya (Maria) ng lampin ang sanggol*” (Lucas 2:7). Ganito ang turo ng Aklat ng Karunungan: “*Buong ingat akong inalagaan at binalot ng lampin. Lahat ng hari ay ganyan din ang simula.*” (Karunungan 7:4-5) Sa madaling sabi, dugong maharlika at hari ang isinilang ni Maria, kaanib ng sambahayan ni Haring David. Siya ay tulad ni Haring Solomong siyang tinutukoy ng Aklat ng Karunungan.

Nakatalaga sa Diyos at Hari ang Sanggol na isinilang sa Betlehem at inihiga sa sabsaban. Siya ang pagkaing siyang bubusog sa kagutuman ng sangkatauhan. Ang kakain nito ay mahuhugasan sa lahat ng kasalanan dahil ibinuwis niya ang kanyang buhay para maibigay sa atin ang pagkaing ito. Sa pagsilang pa lamang ni Hesus ay nakatakda na ang lahat ng ito. Siya ay isinilang para mamatay. Siya ay mamamatay para patunayan kung gaano tayo kamahal ng Diyos.



**WORD & LIFE
PUBLICATIONS**

Don Bosco Compound, A. Arnaiz Ave. cor. Chino Roces Ave., Makati, Metro Manila

Postal Address: P.O. Box 1820, MCPO, 1258 Makati, Metro Manila, Philippines

Tel. Nos. 894-5401; 894-5402; 892-2169 • **Telefax:** 894-5241 • **Website:** www.wordandlife.org

• **E-mail:** marketing@wordandlife.org; wordandlifepublications@gmail.com • **FB:** Word & Life Publications

• **Editorial Team:** Fr. S. Putzu, Fr. R. Lagaya, C. Valmonte, V. David, J. Domingo, A. Adsuara, D. Daguió

• **Illustrations:** A. Sarmiento, B. Cleofe • **Marketing:** Fr. B. Nolasco and T. Mojica • **Circulation:** R. Saldúa